

| GRADES 1 to 10 DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdResources.com for More | Grade Level: | VI |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | AUGUST 5 - 9, 2024 (WEEK 2) | Quarter: | 1st Quarter |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. Layunin** | | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan<br>Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin<br>Naisasagawa ang mapanuring pagbasa sa iba't ibang uri ng teksto at napalalawak ang talasalitaan<br>Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto<br>Napauunlad ang kasanayan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng sulatin<br>Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring panood ng iba't ibang uri ng media<br>Naipamamalas ang pagpapahalaga at ksanayan sa paggamit ng wika sa komunikasyon at pagbasa ng iba't ibang uri ng panitikan | | | | |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nasasaulo ang isang tula/awit na napakinggan at naisasadula ang isang isyu o paksa mula sa tekstong napakinggan<br>Nakasasali sa isang usapan tungkol sa isyu<br>Nakabubuo ng sariling diksiyonaryo ng mga bagong salita mula sa mga binasa; naisasadula ang mga maaaring mangyari sa nabasang teksto Nagagamit ang nakalimbag at di-nakalimbag na mga kagamitan sa pagsasaliksik<br>Nakasusulat ng reaksyon sa isang isyu<br>Nakagagawa ng isang blog entry tungkol sa napanood<br>Naisasagawa ang pagsali sa mga usapan at talakayan, pagkukuwento, pagtula, pagsulat ng sariling tula at kuwento | | | | |
| C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto | Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang kuwento<br>**F6PN-Ia-g-3.1** | Nakapagbibigay ng panuto na may higit sa limang hakbang **F6PS-Ib-8** | Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan at panghalip sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon<br>**F6WG-Ia-d-2** | Napagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng nakalarawang balangkas<br>**F6PB-Ib-5.4**<br>Nakasusulat ng idiniktang talata<br>**F6PU-Ib-2.8** | Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian **F6EP-Ib-d-6** |
| **II. NILALAMAN** | Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Napakinggang Kuwento | Pagbibigay ng Panuto | Paggamit ng Panghalip | Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari sa Kuwento | Paggamit ng Pangkalahatang Sanggunian |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Pahina sa Gabay ng Guro | | | | | |
| 2. Pahina sa Kagamitan ng Mag-aaral | | | | | |
| 3. Pahina sa Batayang Aklat | | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa Learning Resource (LR) portal | | | | | |
| B. Iba pang kagamitang panturo | | | | Nakalarawang balangkas | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin | Ipatukoy sa mag-aaral ang ngalan ng sumusunod na larawan at kung saan ito ginagamit.<br><br> | Dugtungan Mo<br>Simulan ang pagbabahagi ng unang pangyayari sa napakinggang kuwento nang nagdaang araw. Tumawag ng mag-aaral upang sundan ang pangyayaring ibinigay. Gawin ito hanggang sa matapos ang kuwento. | Igagalaw ko, Pangalanan Mo<br>Magpatukoy ng isang bagay sa loob ng silid-aralan. Pahulaan ang inisip sa mga kaklase sa pamamagitan ng paggawa ng mga kilos upang masabi kung ano ang bagay na ito.<br><br>Itala sa pisara ang sagot ng magaaral.<br>Ipabasa ang ginawang talaan.<br>*Ano ang tawag sa mga ito?*<br>*Ano ang pangngalan?* | Sabihin ang kahulugan ng salitang may salungguhit sa bawat pangungusap.<br>1. <u>Dumungaw</u> si Angela nang marinig ang malakas na tahol ng aso.<br>2. Nakita niya ang dalawang pulis at mga tsuper ng jeep na may <u>nilulutas</u> na problema sa banggaang naganap.<br>3. Naroon din ang kaniyang lolo, mahilig kasi itong <u>maglagi</u> sa may bakuran kaya kitang-kita niya ang pangyayari. | Hayaang magbahagi ng karanasan ang magaaral tungkol sa pagganit ng silidaklatan.<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| B. Paghahabi sa layunin ng aralin | Hayaang magbahagi ang mag-aaral ng kanilang karanasan na may kaugnayan sa mga larawang ipinakilala sa natapos na gawain. | *Ano ang nilaro ng magkakaibigan sa ilog?* | Ipabasa nang malakas ang sumusunod na pangungusap.<br>1. Nagpunta sina Juan sa ilog.<br>2. Gumawa sila ng balsa gamit ang pinagtabitabing katawan ng puno ng saging.<br>3. Habang naglalaro ang magkakaibigan, natulog naman si Juan sa isang balsa. | Paano mo ipinapakita ang pagmamahal mo sa mga kaibigan? | *Ano-ano ang gamit na makikita sa silidaklatan?* |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | *Ano ang nangyari kay Juan Tamad nang magpunta silang magkakaibigan sa ilog?* Alamin ang mga hinuha ng mag-aaral. Isulat ito sa pisara. | Pakuhanin ang mag-aaral ng kalahating papel.<br>Bigyan sila ng mga panuto sa paggawa ng bangkang papel. Ibigay nang isa-isa ang mga hakbang.<br>Tingnan kung nasusundan ito ng mag-aaral. Hayaang ipakita ng magaaral ang kanilang natapos na bangkang papel. | *Ano-ano ang pangngalan sa bawat pangungusap?*<br>Ipagamit sa sariling pangungusap ang mga natukoy na pangngalan. | Ipabasa: Tanda ng Pagmamahalan Mga Diptonggo sa Tula at Mahahalagang Pangyayari sa Kuwento 1268 | *Ano-ano ang mga pangkalahatang sanggunian na makikita sa silid-aklatan? Kailan ginagamit ang bawat isa?* |
| D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Basahin nang malakas ang "Juan Tamad" sa pp. 7-8 ng Mga Diptonggo sa Tula at Mahahalagang Pangyayari sa Kuwento 1268.<br><br>*Tungkol saaan ang napakinggang kuwento?* | *Nasunod mo ba nang wasto ang mga panuto na ibinigay?*<br>*Bakit? Bakit hindi?*<br>*Ano ang ginawa mo upang makasunod nang wasto sa panutong ibinigay?*<br>*Ano ang napansin ninyo nang magbigay ako ng panuto?*<br>*Nakatulong ba ang aking ginawa upang makasunod ka nang wasto?* | Balikan ang usapan sa kuwento ni Juan Tamad.<br>*Ano-ano ang pangngalang ginamit sa usapan?* | Ipangkat ang mag-aaral.<br>Pagawain ang bawat pangkat ng komik istrip upang ipakita ang pagkakasunod ng mga pangyayari sa binasang kuwento. | Dalhin ang mag-aaral sa silid-aklatan. Papiliin ang bawat isa ng gagamiting pangkalahatang sanggunian upang makapagsaliksik paksang nais. - |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Balikan ang mga hinuha ng mag-aaral bago basahin ang kuwento.<br>Isa-isahin ang mga ito at sabihin kung nangyari ba ang mga ito sa kuwento o hindi. | Ipangkat ang mag-aaral. Bawat pangkat ay maghahanda ng panuto tungkol sa paggawa ng isang laruan.<br>Matapos ang laang oras, pagparehasin ang bawat pangkat. Sasabihin ng Pangkat A ang kanilang mga inihandang panuto sa Pangkat B. Matapos ang gawain na ito, magpapalit naman ang bawat pangkat sa pagbibigay ng panuto.<br>Matapos ang gawain, *nagawa mo ba nang maayos ang mga gawaing ibinigay ng ibang pangkat? Bakit? Bakit hindi?* | *Kung makakausap mo si Juan Tamad, ano ang nais mong sabihin sa kaniya?* Gumamit ng pangngalan.<br><br>*Ano-ano ang pangngalang ginamit? Tama ba ang pagkakagamit ng bawat pangkat?* | Pasagutan ang ibinigay na balangkas upang maipakita ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa binasang kuwento.<br> | |
| F. Paglinang sa Kabihasaan (*Tungo sa formative Assessment*) | *Sino-sino ang tauhan sa napakinggang kuwento? Saan nagpunta ang magkaibigan? Ano ang ginawa nila sa kanilang pinuntahan? Ano ang ginawa ni Juan? Ano ang ginawa ng kaniyang mga kaibigan? Ano ang nangyari kay Juan?* | Bigyan ng sapat na oras ang mag-aaral na makapaghanda ng panuto na nais nilang ipagawa sa kanilang kaklase upang makabuo ng isang bagay mula sa isang papel. Matapos ang inilaang oras, sabihin sa mag-aaral na humanap ng kapareha. Bawat isa ay magbibigay ng kani-kanilang inihandang panuto.<br>Umikot at tingnan kung tama at maayos ang pagbibigay ng bawat isa ng panuto. | Magpagupit sa mag-aaral ng larawan sa lumang diyaryo o magasin. (Kung wala, maaaring maghanda na ang guro ng mga larawan na gagamitin. Siguraduhin na sapat sa lahat ng mag-aaral ang larawang ihahanda. Pakuhanin ang bawat mag-aaral ng isang larawan.) Gamit ang larawang ginupit/napili, pagawain ang mag-aaral ng isang maikling salaysay/talata na may 4 – 5 pangungusap. Ipasulat ito sa isang papel. Pabilugan ang mga pangngalan na ginamit. | *Ano-ano ang dapat tandaan upang maisulat muli ang ididiktang talata ng guro?*<br><br>Ipasulat ang ididiktang talata.<br><br>Matapos ang gawain, kuhanin ang papel upang bigyang-puna.<br><br>Ipasulat muli ito ayon sa ibinigay na puna. | Pasulatin ng isang talata na may lima (5) hanggang (10) sampung pangungusap tungkol sa paksang sinaliksik. Matapos ang inilaang oras, tumawag ng ilan upang ibahagi ang kanilang natapos. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| G. Paglalapat ng Aralin sa Pangaraw-araw na buhay | *Anong bahagi ang nagustuhan mo sa kuwentong napakinggan? Bigyang-katwiran ang sagot na ibibigay.* | *Ano-ano ang panuto na lagi mong naririnig sa bahay? Sa paaralan? Sa kalsada? Sa mga pampublikong lugar?* *Sa pagsagot sa pagsusulit, ano ang mangyayari kung hindi mo susundin nang maayos ang mga panutong ibinigay?* | | *Paano mo pahahalagahan ang iyong kaibigan?* | *Paano makatutulong sa iyo ang pagkaalam sa paggamit ng mga pangkalahatang sanggunian sa pagsasaliksik na gagawin?* |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| H. Paglalahat ng Aralin | *Ano ang natutuhan mo sa kuwentong napakinggan? Paano mo ito maisasabuhay?* | *Ano ang dapat tandaan sa pagbibigay ng panuto?* | *Ano ang pangngalan?* | *Ano ang dapat tandaan upang matukoy muli ang mga pangyayari sa binasang kuwento?* *Ano-ano ang dapat tandaan upang maisulat nang wasto ang talatang ididikta ng guro?* | *Ano-ano ang pangkalahatang sanggunian at kalian ginagamit ang bawat isa?* |
| I. Pagtataya ng Aralin | | *Kung bibigyan mo ng marka ang iyong kapareha sa natapos na gawain, ano ang ibibigay mo?Bigyang-katwiran ang ibinigay na marka.*<br>*5 – pinakamataas*<br>*4- mataas*<br>*3- mataas--taas*<br>*2- mababa*<br>*1- pinakamababa* | Ipabuod ang kuwento ni Juan Tamad.<br>Pabilugan ang mga pangngalang ginamit. | | |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation* | | | | | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| A. Bilan ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation* | | | | | |
| C. Nakatulong ba ang *remedial?* Bilang ng magaaral na nakaunawa sa aralin. | | | | | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.* | | | | | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? | | | | | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor? | | | | | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | | | | | |